# Abide

## Ang Salita ang Nagpapalaya sa Atin

**WEEK 4**

### WARM-UP

- Kapag gusto mong magpagaan ng pakiramdam o kaya ay magtanggal ng *stress*, ano ang ginagawa mo?
- Pangalanan ang isang taong pinagkakatiwalaan mo. Kailan mo nalamang mapagkakatiwalaan mo siya? Ano ang naramdaman mo dahil dito?
- Naramdaman mo na ba na tila naipit ka sa isang sitwasyon at hindi ka na makalabas dito? Paano ito nangyari?

### WORD

*31Sinabi ni Jesus sa mga Judiong sumampalataya sa kanya, "Kung patuloy kayong susunod sa aral ko, totoo ngang mga tagasunod ko kayo. 32Malalaman ninyo ang katotohanan, at ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo."* **JUAN 8:31–32**

Tinawag ni Jesus ang mga Judio upang magtiwala sa Kanya, dahil kung hindi nila ito gagawin, sila ay mamamatay sa kanilang kasalanan. Marami ang naniwala sa Kanya noong araw na iyon. Subalit kahit napalaya na sila mula sa pagkaalipin sa kasalanan sa pamamagitan ng paniniwala sa Kanya, alam ni Jesus na ang pamumuhay bilang mga malayang tao, at hindi mga alipin, ay magiging isang paglalakbay para sa kanila. Mangangailangan ito ng pananatili, paglago, at pagtitiwala sa Diyos. Sa araling ito, titingnan natin kung paano maisasapamuhay at mararanasan ng mga Kristiyano ang kalayaan bilang mga disipulo ni Jesus.

## 1 Ang mga disipulo ni Jesus ay nananatili sa Kanyang salita.

*Sinabi ni Jesus sa mga Judiong sumampalataya sa kanya, "Kung patuloy kayong susunod sa aral ko, totoo ngang mga tagasunod ko kayo."* **JUAN 8:31**

Upang manatili sa salita ng Diyos, dapat muna nating malaman kung ano ang sinasabi nito, pagkatapos ay maniwala dito, at sa huli ay kumilos nang naaayon dito. Ang pananatili at pagsunod sa Kanyang Salita ay hindi mangyayari kung hindi muna tayo maniniwala at magtitiwala kay Jesus. Magbahagi ng isang panahon kung kailan kumilos ka nang may pananampalataya ayon sa salita ng Diyos, kahit pa hindi malinaw kung bakit mo ito dapat gawin. Ano ang nangyari?

## 2 Ang mga nananatili sa salita ay makakaalam ng katotohanan.

*[31]Sinabi ni Jesus sa mga Judiong sumampalataya sa kanya, "Kung patuloy kayong susunod sa aral ko, totoo ngang mga tagasunod ko kayo. [32]Malalaman ninyo ang katotohanan . . ."* **JUAN 8:31–32**

Kapag naniwala at nagtiwala tayo kay Jesus, magagawa nating manatili sa Kanyang salita sa pamamagitan ng pananampalataya. May katiyakan tayo mula kay Jesus na kapag kumilos tayo nang may pananampalataya, malalaman natin ang katotohanan. Hindi tayo lilipad nang bulag o kaya ay kikilos nang walang pagkaunawa. May panahon bang kumilos ka ayon sa salita ng Diyos at dahil dito ay nabuksan ang iyong mga mata upang makita ang katotohanan ng iyong sitwasyon? Ibahagi ang naranasan mo.

## 3 Ang mga nakakaalam ng katotohanan ay makakaranas ng kalayaan.

*“ . . . at ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo.”* **JUAN 8:32**

Bilang mga disipulo ni Jesus, paano natin mararanasan ang kalayaan? Kapag naniwala tayo sa Kanya at nanatili tayo sa Kanyang salita, tinitiyak sa atin ni Jesus na malalaman natin ang katotohanan. Sa pamamagitan ng katotohanang ito, mararanasan natin ang kalayaan. Bakit hindi posibleng magkaroon ng kalayaan nang hindi nalalaman ang katotohanan? Paano ka napalaya ng kaalaman mo sa katotohanan?

## APPLICATION

- Humantong ka na ba sa puntong naniniwala at nagtitiwala ka kay Jesus bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas? Gusto mo bang magtiwala sa Kanya ngayon?
- Ano ang ibig sabihin para sa iyo ng pananatili sa salita ng Diyos? May bahagi ba sa buhay mo kung saan hindi ka pa namumuhay nang naaayon sa sinasabi ng Kanyang salita? Ano ang maaari mong baguhin ngayong linggo?
- May mga kapamilya o kaibigan ka bang kailangang kausapin upang maibahagi mo sa kanila ang katotohanan at kalayaang mula sa Diyos? Paano mo masisimulan ang pag-uusap na ito ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa Kanyang Anak at salita. Pasalamatan Siya sa pagpapalaya sa atin mula sa pagiging alipin ng kasalanan.
- Ipanalangin na patuloy kang mananatili sa Kanyang salita araw-araw. Ipanalangin na patuloy Niyang pananatilihin sa puso mo at ipapaalala sa iyo ang Kanyang salita.
- Hingin sa Diyos ang mga pagkakataon upang maibahagi mo ang Kanyang katotohanan at kalayaan sa iyong mga kapamilya at kaibigan ngayong linggo. Ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng mga nararapat na salita upang masimulan ang pakikipag-usap sa kanila.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph